SARBEY TUNGKOL SA PAGPARADA SA EXCELSIOR – MISSION TERRACE/CAYUGA
(EXCELSIOR – MISSION TERRACE/CAYUGA PARKING SURVEY)

Mahal na Kapitbahay,

Salamat sa paglalaan ng panahon sa pagsagot sa mahalagang sarbey na ito tungkol sa pagparada sa mga komunidad ng Excelsior at Mission Terrace/Cayuga.

Dahil sa hiling ng Superbisor ng Distrito 11, na si Ahsha Safai, at ng maraming pangkomunidad na organisasyon, ginawa ng SFMTA ang sarbey na ito upang mangalap ng mahahalagang datos, na siyang gagabay sa proseso ng paggawa ng desisyon kung paano pinakamabuting mapahuhusay pa ang pagkakaroon ng mapaparadahan sa kalye. Lubos na kumpidensiyal ang inyong indi-indibidwal na mga sagot, at gagamitin lang para sa layunin ng pananaliksik. Hindi ibabahagi ang inyong datos kanino man.

Wala pang nagagawang mga desisyon at dinisenyo ang sarbey na ito para sa natatanging layunin na makakalap ng impormasyon.

Kailangang sagutin ang mga tanong na may asterisk (*) para maibilang ang pagsarbay sa inyo. Maliban na lamang sa Tanong #1, tungkol sa buong kabahayan ninyo ang hinihiling na impormasyon ng sarbey. *Kasama sa kabahayan ang lahat ng taong nakatira sa unit ng pabahay, magkakamag-anak man o hindi. Ang unit ng pabahay ay bahay, apartment, mobile home, ekstensiyon ng bahay o mother-in-law unit, pangkat ng mga silid, o iisang kuwarto na tinitirhan bilang hiwalay na tinutuluyan, at may natatanging address para sa pagpapadala ng sulat sa koreo.*

Pakikompleto ang sarbey na ito at isauli sa sobre na may address na at selyo, at ibinibigay sa inyo, bago sumapit ang March 30, 2019.

Madalas, ang Residensiyal na Permit para sa Pagparada (Residensiyal Permit Parking, RPP) ang pinakamagandang opsiyon para higit na magkaroon ng mapaparadahan. Isa sa mga tanong sa sarbey na ito ay kung gusto ninyo ng RPP sa inyong komunidad.

Dahil sa programang RPP, mas nagkakaroon ng mapaparadahan sa kalye malapit sa kanilang bahay ang mga residente, sa pamamagitan ng paglilimita sa pagparada ng hindi residente, o iyong walang permit, na hanggang sa dalawang oras na lamang, o mas maiksi pa rito. Hindi kasama sa mga limitasyon sa oras na ito ang mga residenteng may permit. Sa mga bagong takda na Lugar na may RPP (RPP Areas), limitado ang mga residente sa isang permit kada nagmamaneho, at dalawang permit kada kabahayan. Puwedeng magpetisyon sa SFMTA ang mga kabahayan na mayroong mahigit sa dalawang nagmamaneho, nang hanggang sa dalawang karagdagang permit. Mayroon ding mga permit para sa tagabigay ng serbisyo o provider para sa pangangalagang medikal at pangangalaga sa bata sa tahanan. Kuwalipikado para sa permit ang mga komersiyal na sasakyan na may pinakamalaki nang timbang sa pagpapatakbo nito ayon sa pagkakasukat ng pabrika (gross vehicle weight rating, GVWR) na mas magaan sa 6,000 pounds o libra.

Ang kasalukuyang singil para sa taunang permit na RPP ay $136. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa RPP, pakipuntahan ang aming website sa www.sfmta.com/rpp.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa sarbey na ito, mangyaring magpadala ng email sa InfoRPP@sfmta.com.

Nagpapasalamat na kami ngayon pa lamang para sa oras ninyo!

1. Impormasyon sa Pagkontak

Unang Pangalan *_____________________________________

Apelyido*______________________________________

Numero sa Kalye*__________________________________

Pangalan ng Kalye*____________________________________

Numero ng Unit/Suite/Opisina *________________________

(Kung mayroong numero ng unit ang inyong address, mahalagang tukuyin iyon dito, dahil iisang sagot lamang ang puwedeng ibilang kada address. Kapag hindi ninyo tinukoy ang numero ng inyong unit, posibleng hindi maisama ang inyong sagot.

Email Address (Ito ang pinakamagandang paraan para patuloy na magkaroon ng komunikasyon tungkol sa pagparada sa inyong komunidad. Hindi namin ibabahagi ang inyong personal na impormasyon kanino man.)

Email address: _________________________________________________

2. Address ba ito ng inyong bahay o negosyo? (Kung nagtatrabaho kayo sa bahay, pakitsek ang “Bahay”)

______ Bahay ko

_______Negosyo ko

3. Residensiyal na Permit sa Pagparada (Residential Permit Parking)*

___ Oo, gusto ko ng Residential Permit Parking sa aking komunidad.

___ Hindi, ayaw ko ng Residential Permit Parking sa aking komunidad dahil sa mga sumusunod na dahilan: (pumili ng kahit ilan na naaangkop)

- ___Wala akong sasakyan
- ___Walang problema sa pagparada sa kalye ko
- ___May garahe ako at hindi ko kailangan n permit
- ___Kaya kong magparehistro ng sasakyan at panatilihin ito sa maayos na kondisyon, pero masyadong mahal ang permit
- ___Mahigit sa dalawa ang nagmamaneho sa aming kabahayan
- ___May mga empleyado ang aking negosyo na kailangang pumarada
- ___Iba pa. Pakipaliwanag__________________________________________________

___Hindi ako sigurado sa ngayon

4. Pakilista ang bilang ng mga miyembro ng inyong kabahayan para sa bawat pangkat ng mga edad.

Kasama sa kabahayan ang lahat ng taong nakatira sa unit ng pabahay, magkakamag-anak man o hindi. Ang unit ng pabahay ay bahay, apartment, mobile home, ekstensiyon ng bahay o mother-in-law unit, pangkat ng mga silid, o iisang kuwarto na tinitirhan bilang hiwalay na tinutuluyan, at may natatanging address para sa pagpapadala ng sulat sa koreo.

___O hanggang 17
___18 hangang 24
___25 hanggang 34
___35 hanggang 44
___45 hanggang 54
___65 o mas matanda pa

5.  Ilang tao sa inyong kabahayan ang mayroong lisensiya sa pagmamaneho?

___0
___1
___2
___3
___4
___5 o higit pa

6.  Kapag pinagsama-sama, ilang sasakyan ang pag-aari ng mga miyembro ng inyong kabahayan?

Isama ang lahat ng sasakyang ginagamit ng mga miyembro ng kabahayan. Posibleng kasama sa mga ito ang mga kotse, trak, o motorsiklo, pag-aari man, o inaarkila nang may kontrata (leased), at tumatakbo man o hindi.

___0
___1
___2
___3
___4
___5 o higit pa

7.  Para sa bawat isa sa mga opsiyon na nasa ibaba, pakisaad ang bilang ng sasakyan na posibleng iparada sa lugar (nang hindi sa kalye) sa address na ito.

___Driveway o pasukan ng sasakyan
___Carport o masisilungan ng kotse sa tabi ng bahay
___Paradahan
___Garahe
___Walang driveway o garahe ang aming kabahayan

___Ginagamit na imbakan o storage ang garahe namin
___Na-convert na ang garahe namin at espasyo na ito na natutulugan o nagagamit para sa negosyo

8. Ilan sa mga sasakyan ng mga miyembro ng inyong kabahayan ang regular na nakaparada sa kalye?

___0
___1
___2
___3
___4
___5 o higit pa

9. Ilan sa mga tao sa inyong kabahayan na 16 taong gulang na o mas matanda pa ang nagtatrabaho sa labas ng bahay?

___0
___1
___2
___3
___4
___ 5 o higit pa

10. Mga Opsiyonal na Komento

Pakibigyan ang SFMTA ng iba pang komento na posibleng mayroon kayo tungkol sa pagparada sa inyong komunidad